# MALIKHAING PAGTUTURO NG ARALING PANLIPUNAN

*by:*
**Esperanza C. Espino**
*Teacher II, San Pablo Elementary School*

Upang mas lalong maintindihan at mahalin ng mga mag-aaral ang kasaysayan, kultura at lipunang kanilang kinabibilangan, mahalagang maging malikhain ang pagtuturo ng Araling Panlipunan. Hindi sapat ang tradisyunal na pamamaraan na nakatuon lamang sa lecture o pagbasa ng libro. Dapat ay gumamit ang guro ng iba't ibang makabagong estratehiya tulad ng gamification, role-playing, at paggamit ng teknolohiya upang gawing mas interaktibo at kawili-wili ang klase. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga mag-aaral sa mga aralin at nagkakaroon din sila ng mas mataas na interes sa pag-aaral.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Bukod dito, mahalaga ang malikhaing pagtuturo upang maisulong ang kritikal na pag-iisip at pag-aanalisa ng mga mag-aaral. Sa halip na basta-basta tanggapin ang impormasyon, hinihikayat ang mga bata na magtanong, mag-analisa, at magbigay ng sariling opinyon hinggil sa mga usaping panlipunan. Halimbawa, maaaring magdaos ng debate, pananaliksik, o proyekto na magpapalawak sa kanilang pananaw at magpapalalim sa kanilang pag-unawa sa mga isyung panglipunan. Sa ganitong paraan, natututo silang maging mas mapanuri at makabago sa pagharap sa mga hamon ng kanilang lipunan.

Malaki rin ang naitutulong ng malikhaing pagtuturo sa paghubog ng makabayang kamalayan at pagpapahalaga sa kultura. Maaaring gamitin ang mga kwento, pelikula, at eksibit upang ipakita ang kagandahan at kahalagahan ng sariling kultura at kasaysayan. Sa pamamagitan nito, naipapasa sa mga mag-aaral ang pagmamalasakit at

pagpapahalaga sa kanilang pinagmulan. Ang ganitong pamamaraan ay nagdudulot ng mas malalim na koneksyon ng mga bata sa kanilang identidad bilang Pilipino.

Ayon kay Estrella (2023), Bilang isang guro ay dapat din magsumikap sa pananaliksik at pagsubok sa iba't ibang estratehiya sa pagtuturo ng aralin upang lalo pang maging isang produktibong guro sa mga mag-aaral. Nakababagot din para sa isang mag-aaral ang mga tradisyunal na paraan ng pagtuturo, bagama't hindi naman sinasabing tuluyan na itong kalimutan.

Ang malikhaing pagtuturo ng Araling Panlipunan ay isang makapangyarihang kasangkapan upang gawing mas makahulugan, makabuluhan, at masaya ang pag-aaral. Hindi lamang nito napapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral kundi nakakatulong din ito sa kanilang pagbuo ng kritikal na pag-iisip at pagmamalasakit sa sariling bansa. Sa pamamagitan ng pagiging malikhaing guro, naiaangat natin ang kalidad ng edukasyon at naipapasa natin ang tunay na diwa ng pagiging isang responsableng mamamayan. Ito ay posible sa isang gurong tapat na gumanap sa kanyang tungkulin at masigasig na mapaunlad pa ang kanyang sarili.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

*References:*

https://ahaslides.com/tl/blog/15-innovative-teaching-methods/